# David at Natan



## WARM-UP

- Kapag nagbibigay ka ng payo, nagpipigil ka ba o sinasabi mo na lahat sa pagkakataong iyon? Bakit?
- Nakatanggap ka na ba ng pangaral dahil sa isang pagkakamaling nagawa mo? Paano ka tumugon dito?
- Paano ka humihingi ng tawad sa isang taong nasaktan mo? Ano ang mga bagay na ginawa mo para makuha ulit ang tiwala niya?

## WORD

*7 Pagkatapos, sinabi ni Natan kay David, "Ikaw ang*
*taong iyon! Ito ang sinasabi ng PANGINOON, ang Diyos*
*ng Israel: 'Pinili kitang hari ng Israel at iniligtas kita kay*
*Saul. 8 Ibinigay ko sa iyo ang kaharian at mga asawa*
*niya. Ginawa kitang hari ng buong Israel at Juda. At kung*
*kulang pa ito, bibigyan pa sana kita nang mas marami pa*
*riyan. 9 Pero bakit hindi mo sinunod ang mga utos ko, at*
*ginawa mo ang masamang bagay na ito sa paningin ko?*
*Ipinapatay mo pa si Uria na Heteo sa labanan; ipinapatay*
*mo siya sa mga Ammonita, at kinuha mo ang asawa niya.'"*

**2 SAMUEL 12:7–9**

(Basahin din ang **2 SAMUEL 12:1–6; 10–14.**)

Ang pagiging bahagi ng isang komunidad ay hindi lang nangangahulugan na napapalakas ng ibang tao ang loob mo kundi tumatanggap ka din ng pagwawasto. Sa katunayan, ang maka-Diyos na pagwawasto ay mahalaga upang maibalik tayo sa Diyos at makapagpatuloy sa pamumuhay sa Kanyang kaparaanan. Maging si David na itinuturing na isa sa mga pinakadakilang hari ng Israel ay kinailangang pagsabihan tungkol sa isang kasalanang nagawa niya para maibalik siya sa tamang ugnayan sa Diyos at makapamuhay ulit para sa Kanya. Ngayong araw ay tingnan natin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pagbibigay at pagtanggap ng pagwawasto.

## 1 Magbigay ng pagwawasto nang buo ang loob.

*[1]Ngayon, isinugo ng PANGINOON si Propeta Natan kay David. Pagdating niya kay David, sinabi niya . . . [7]"Ikaw ang taong iyon! Ito ang sinasabi ng PANGINOON, ang Diyos ng Israel: 'Pinili kitang hari ng Israel at iniligtas kita kay Saul.'"* **2 SAMUEL 12:1, 7**

Maaaring umurong sa takot ang propetang si Natan sa kaisipang pagsabihan o itatama niya ang kamalian ng hari ng Israel, ngunit nagsalita siya bilang pagsunod sa Diyos. Gamit ang isang kwento ay tinulungan ni Natan si David na pagdesisyunan ang tungkol sa tama at mali at buong-tapang niyang ibinigay ang pagwawasto sa kasalanan ni David (2 Samuel 12:9). Kapag dinadala tayo ng Diyos sa sitwasyon kung saan kailangan nating pagsabihan ang iba, maaari tayong humingi ng tapang sa Kanya na gawin ito nang may pagmamahal. Magagamit ng Diyos ang mga sandaling ito upang magabayan ang iba papalapit sa Kanya. Balikan ang isang panahong nakatanggap ka ng maka-Diyos na pagwawasto. Paano ito naiiba sa iba pang uri ng pagwawasto?

## 2 Tumanggap ng pagwawasto at pagdidisiplina nang may pagpapakumbaba.

*Sinabi ni David kay Natan, "Nagkasala ako sa PANGINOON." Sumagot si Natan, "Pinatawad ka na ng PANGINOON at hindi ka mamamatay sa kasalanang ginawa mo."* **2 SAMUEL 12:13**

(Basahin din ang **SALMO 51.**)

Kahit na hari pa siya, pinili ni David na magpakumbaba dahil nakita niya ang kanyang pagkakamali. Sa halip na magalit tulad ng sinundan niyang si Saul, naintindihan niya ang bigat ng kanyang nagawa at tinanggap ang epekto nito. Dahil dito ay hindi agad siya agad-agad na binawian ng buhay, na nagbigay sa kanya ng pagkakataong makabawi sa kanyang kasalanan. Tulad ni David, maaari rin tayong tumanggap ng pagwawasto

nang nagpapakumbaba. Kahit na hindi tayo perpekto, makakagalaw ang Diyos sa ating mga puso kapag hinayaan natin ang iba na iwasto at disiplinahin tayo. Isipin ang panahon na nahirapan kang tanggapin ang pagwawasto sa umpisa. Paano ka nakausad mula dito?

## 3 | Buong pusong sumamba sa Diyos.

*Pagkarinig nito, bumangon si David, naligo, nagpahid ng mabangong langis at nagpalit ng damit. Pumunta siya sa bahay ng Panginoon at sumamba. Pagkatapos, umuwi siya, nagpahain, at kumain.* **2 SAMUEL 12:20**

(Basahin din ang **2 SAMUEL 12:21–23.**)

Sa halip na manatili sa kanyang kasalanan, binalikan ni David ang kabutihan ng Diyos. Sa gitna ng kadilimang kinalalagyan niya at sa pagwawastong natanggap niya ay nanalig siya sa pagdidisiplina ng Diyos at nagbigay-luwalhati siya sa Diyos. Ito ay paraan ng pagbuo ng Diyos kay David ng isang *busilak na puso* at bigyan siya ng isang *masunuring espiritu* (Salmo 51:10, 12). Sa mga panahong tila natatabunan tayo ng hiya at pagkakasala, maaari tayong tumingin sa Diyos dahil alam nating ibinabalik Niya ang ating mga puso sa Kanya at binabago Niya ang ating mga pag-iisip upang sundin ang Kanyang kaparaanan. Paano lumago ang ugnayan mo sa isang taong nagpakita sa iyo ng pagkakamali mo? Paano lumakas ang tiwala ninyo sa isa't isa?

Ang puso ng Diyos ay hindi humihinto sa pagpapanumbalik ng mga nagkasala at nahiwalay sa Kanyang kaparaanan. Sa huli ay ibinalik Niya si David sa tamang ugnayan sa Kanya (2 Samuel 12:24–25). Ang pagpapanumbalik na ito ay pwede rin nating matanggap ngayon sa pamamagitan ng inapo ni David na si Jesus, na nag-alay ng Kanyang sarili upang linisin tayo sa ating mga kasalanan at maibalik sa tamang ugnayan sa Diyos.

## APPLICATION

- May tao ba sa buhay mo na handa kang pagsabihan at iwasto nang may pagmamahal? Paano ka tumutugon kapag nakakatanggap ka ng pagwawasto?
- Tinatawag ka ba ng Diyos upang buong-tapang at mapagpakumbabang pagsabihan ang isang tao? Ano ang mga praktikal na hakbang na magagawa mo tulad ng ginawa ni Natan kay David?
- Paano mo matutulungan ang susunod na henerasyon na mahalin ang Diyos at talikuran ang kasalanan? Ano ang mga bagay na magagawa mo ngayong linggo upang maisagawa ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng mga taong magbibigay sa iyo nang maka-Diyos na pagwawasto bilang paraan ng paghubog sa iyo para sa Kanyang mga layunin.
- Hilingin sa Diyos na gabayan ka kapag dumadaan ka sa pagdidisiplina at pagwawasto. Ipanalangin na maituon mo ang iyong sarili sa Kanyang kabutihan at hindi sa iyong mga pagkukulang.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng tapang upang magsalita at magwasto nang may pagmamahal kung kinakailangan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Josh Hernandez, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.